



**ORANGE COUNTY
REGISTRAR OF VOTERS**

Plano sa Pangangasiwa ng Halalan 2026-2029



Talaan ng Mga Nilalaman

Pahayag ng Misyong.....	7
Pahayag ng Pananaw	7
Mga Obligasyon sa 2026-2029 Plano sa Pangagasiwa ng Halalan	8
Plano sa Edukasyon at Outreach ng Botante.....	14
Paggamit ng Media:.....	14
Paggamit ng media na naglilingkod sa mga komunidad na may di karaniwang wika, na nagpapaalam sa kanila ng paparating na halalan, at ang paggamit ng libreng tawag sa hotline	14
Paggamit ng media, ipaalam sa mga botante ang pagiging available at proseso para sa paghiling ng na-access na balota sa pagboto sa pamamagitan ng Koreo. 14	
Pakikilahok sa Komunidad.....	15
Presensya sa komunidad upang turuan ang mga botante tungkol sa probisyon ng VCA.....	15
Na-access na Impormasyon sa Website	15
Impormasyon hinggil sa pagiging naa-access sa website ng OCROV.....	15
Pagkakailanlan ng Mga Botanteng May Di Pangkaraniwang Wika	16
Paraang Ginamit upang Matukoy ang Mga Botanteng May Di Pangkaraniwang Wika	16
Edukasyon at Pampublikong Komunikasyon ng mga Probisyon	16
Komunikasyon sa publiko, kabilang ang:	16
Paglalaan ng Mapagkukunan	17
Isang detalyadong badyet kung paano gagastusin ng kondado ang mga kinakailangang mapagkukunan sa edukasyon ng botante at outreach.....	17
Anunsyo ng Serbisyo Publiko (PSA).....	18
Hindi bababa sa isang PSA ang naglilingkod sa mga botante sa lahat ng wika	18
Direktang Pakikipag-ugnayan sa Mga Botante	18
Hindi bababa sa dalawang direktang pakikipag-ugnayan sa mga botante.....	18
Pagigiging Naa-access ng Pagboto Sa Pamamagitan ng Koreo	20
Proseso para sa mga botanteng may mga kapansanan upang humiling at makatanggap ng blangko o kapalit na naa-access na balota ng Pagboto Sa Pamamagitan ng Koreo	20

Pagtugon sa mga Pagkakaiba	22
Plano para sa pagtugon sa pagiging naa-access ng botante at mga pagkakaiba sa partisipasyon na tinukoy sa mga kinakailangang ulat.....	22
Seguridad sa Sentro ng Boto	24
Mga pamamaraan at pamantayan upang matiyak ang seguridad	24
Seguridad sa sentro ng pagboto	24
Elektronikong talaan ng mga botante.....	25
Mga Gastos sa Halala	27
Tinataya na pansamantala at pangmatagalang gastos at matitipid kumpara sa mga nakaraang katulad na halalan.....	27
Sentro ng Pagboto at Mga Detalye sa Lokasyon ng Pagpapasahan	28
Data ng Bilang at Lokasyon.....	28
Kabuuang bilang ng Mga Sentro ng Botohan	28
Kabuuang Bilang ng mga Lokasyon ng Pagpapasahan ng Balota	29
Mga Lokasyon at Mapa ng bawat Sentro ng Botohan.....	30
Mga Oras ng Operasyon	31
Mga oras ng operasyon ng mga lokasyon sa Pagpapasa ng kahon ng balota	32
Mga Plano sa Seguridad at Contingency.....	32
Pag-iwas sa mga pagkagambala sa Mga Sentro ng Pagboto at pagtiyak ng pagpapatuloy ng halalan kung may mga pagkagambala	32
Pagkuha ng Tauhan sa Halalan	33
Bilang ng mga miyembro ng lupon ng halalan	33
Bilang ng mga miyembro ng lupon ng bilinguwal at mga wikang sinasalita	33
Mga Serbisyo sa May Kapansanan	34
Pangkalahatang serbisyong ibinibigay, kabilang ang mga makatwirang pagbabago at naa-access na mga makina sa pagboto.....	34
Disenyo ng Sentro ng Pagboto.....	35
Layout at paglalagay ng kagamitan upang protektahan ang pagkapribado ng botante at kalayaan sa balota	35
Hotline ng Tulong sa Botante	36
Libre at naa-access na hotline ng botante, na may suporta sa wika	36
Apendise A.....	37

Flyer ng Mga Workshop ng Komunidad ng EAP	37
Mga Pagpupulong ng Maliliit na Grupo.....	38
Apendise B.....	39
Mga Sample ng postcard na ipinadala sa mga botante	39
Apendise C.....	40
Pagraranggo ng Pamantayan sa Sentro ng Pagboto	40
Matrix ng Pagiging Angkop (Halimbawa Lamang).....	41
Apendise D.....	42
Listahan ng mga lokasyon ng mga Sentro ng Pagboto mula sa 2024 Pangkalahatang Halalan ng Pagka-presidente	42
Mapa ng mga Sentro ng Pagboto mula sa 2024 Pangkalahatang Halalan ng Pagka-presidente.....	49
Apendise E.....	50
Listahan ng mga lokasyon ng kahon ng balota mula sa 2024 Pangkalahatang Halalan ng Pagka-presidente.....	50
Mapa ng mga kahon ng balota mula sa 2024 Pangkalahatang Halalan ng Pagka-presidente.....	56
Apendise F	57
Seguridad at pagiging naa-access ng kahon ng balota	57
Mga tampok na seguridad.....	57
Mga tampok sa pagiging naa-access.....	58
Apendise G	59
2024 Pangkalahatang Halalan – Personal na Pagdalo sa Petsa.....	59
Kabuuang Dumalo Bawat Oras – Sa Unang Pitong Araw	60
Kabuuang Dumalo Bawat Oras – Sabado hanggang Lunes	60
Apendise H.....	61
Update ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan Proseso ng ambag ng publiko	61
Panimula	61
Mga pamamaraan para sa pagbibigay ng feedback	62
Outreach upang itaguyod ang mga workshop sa komunidad.....	65
Buod ng Pampublikong Feedback.....	66

Apendise I	71
Bilingguwal na CSR sa 2024 Pangkalahatang Halalan ng Pagka-presidente	71
Chinese	71
Korean	71
Spanish	72
Vietnamese	74
Mga Sentro ng Pagboto na may mga bilingguwal na CSR sa mga wikang tinukoy ng Code ng Halalan Seksyon 14201	76
Apendise J	77
Layout ng Sentro ng Pagboto (Halimbawa)	77
Apendise K	78
Draft ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan: Mga Komento ng Publiko	78
Panimula	78
Mga Pamamaraan ng Pagtanggap ng Mga Komento ng Publiko	78
Buod ng Mga Komento na Hindi Direktang Nauugnay sa EAP	78
Buod ng Mga Komentong Nauugnay sa EAP	82
Mga Detalyadong Komento ng Publiko	83
Apendise L	84
Sangguniang Code ng Halalan (Mga Code na Sinadyang Hindi Isinalin)	84
§303.3	84
§2550(b)	84
§3000.5	84
§3016.7	84
§4005(a)(1)(a)	85
§4005(a)(1)(B)	85
§4005(a)(2)(A)(v)	85
§4005(a)(2)(B)	85
§4005(a)(3)	85
§4005(a)(3)(A)	86
§4005(a)(4)	86
§4005(a)(4)(A)	86

§4005(a)(4)(D)	86
§4005(a)(6)(B)(i)	86
§4005(a)(8)(B)(ii).....	87
§4005(a)(9)(A).....	87
§4005(a)(10)(B).....	87
§4005(a)(10)(I)(i).....	88
§4005(a)(10)(I)(i)(I)	90
§4005(a)(10)(I)(i)(II)	91
§4005(a)(10)(I)(i)(III)	91
§4005(a)(10)(I)(i)(VI)(ia).....	91
§4005(a)(10)(I)(i)(VI)(ib).....	91
§4005(a)(10)(I)(i)(VII)	91
§4005(a)(10)(I)(i)(VIII)	91
§4005(a)(10)(I)(i)(IX)	92
§4005(a)(10)(I)(i)(X).....	92
§4005(a)(10)(I)(ii).....	92
§4005(a)(10)(I)(iii)	92
§4005(a)(10)(I)(iv)	92
§4005(a)(10)(I)(v).....	92
§4005(a)(10)(I)(vi)	93
§4005(a)(10)(I)(vi)(VIII)	93
§4005(a)(10)(I)(vi)(IX)	94
§4005(a)(10)(I)(vii)	94
§4005(b)(2)	94
§4005(b)(3)	94
§4005(g)(1)(A).....	94
§12280	95
§12303(b).....	95
§14282(d).....	95
§15000	96

§19200	96
§19207	96

Pahayag ng Misyon

“Upang magbigay ng mga serbisyo sa halalan para sa mga mamamayan ng Kondado ng Orange para matiyak ang pantay na pag-access sa proseso ng halalan, protektahan ang integridad ng mga boto, at mapanatili ang malinaw, tumpak at patas na proseso.”

Pahayag ng Pananaw

“Upang matiyak ang kahusayan sa pangangasiwa ng mga halalan para magbigay ng inspirasyon sa kumpiyansa at pagtitiwala sa demokratikong proseso.”

Mga Obligasyon sa 2026-2029 Plano sa Pangagasiwa ng Halalan

Pinag-uutos na Elemento	Mga Obligasyon sa 2026-2029 EAP
Paglalarawan ng Presensya ng Komunidad	<p>Ang presensya ng komunidad upang turuan ang mga botante sa pamamagitan ng pagdalo sa mga kaganapan sa komunidad, puntiryang outreach, at pakikipagtulungan sa aming mga kasamahan sa komunidad, kabilang ang Grupo ng Community Election Working (CEW), ang Voter Accessibility Advisory Committee (VAAC), at ang Language Accessibility Advisory Committee (Laac).</p>
Impormasyon sa Accessibility sa Na-access na Website	<p>Nagbibigay ang website ng impormasyon sa naa-access na format tungkol sa mga available na serbisyo sa mga botante na may kapansanan.</p> <p>Bukod pa rito, ang Gabay sa Impormasyon ng Botante ng Kondado ay nagbibigay ng impormasyon kung paano maaaring humiling ng tulong ang mga botante na may kapansanan mula sa Registrar of Voters, gayundin ang numero ng telepono ng Disability Rights California's Voting Hotline.</p>

Pinag-uutos na Elemento	Mga Obligasyon sa 2026-2029 EAP
Outreach sa Mga Komunidad na Mayroong Hindi Pangkaraniwang Wika	<ul style="list-style-type: none"> • Ang mga nakatalagang bilingguwal na tauhan ay nagpapanatili ng malawak na talaan ng mga pangkomunidad na kaganapan. • Palakasin ang pakikipagtulungan sa mga organisasyong pangkomunidad. • Regular na kumunsulta sa CEW at LAAC • Magbigay ng Mga Tool Kit sa Komunikasyon sa mga kasamahan sa komunidad upang magbahagi ng impormasyon. • Maglathala ng impormasyon gamit ang pinagsamang social media, direktang mail, email, print, broadcast, video, online, at radyo • Maglabas ng mga pahayag sa media at magbigay ng mga panayam at briefing sa media.
Paraan upang Matukoy ang Mga Botanteng May Di Pangkaraniwang Wika	Mga botante na humihiling ng tulong sa wika sa pamamagitan ng mga form sa pagpaparehistro ng botante at ambag mula sa mga kasamahan sa komunidad.
Workshop para sa Bawat Saklaw na May Di Pangkaraniwang Wika	Nagsagawa ng mga workshop sa komunidad sa panahon ng pag-update ng EAP para sa bawat wikang itinakda ng pederal at estado sa Kondado ng Orange.
Workshop para sa Mga Botanteng May Kapansanan	Nagsagawa ng mga workshop sa komunidad sa panahon ng pag-update ng EAP upang humingi ng puna hinggil sa accessibility ng pagboto, kabilang ang virtual na workshop na isinagawa kasama ang ASL interpreter.
Badyet at Plano sa Paggastos para sa Outreach	Mamuhunan ng mga pondo sa mga mapagkukunan ng tauhan, mga materyales sa outreach, mga anunsyo ng serbisyo publiko, website, at mga social media account upang maturuan ang mga botante tungkol sa kung paano magparehistro upang bumoto at kung paano gamitin ang kanilang karapatang bumoto.

Pinag-uutos na Elemento	Mga Obligasyon sa 2026-2029 EAP
PSA para sa Bawat Halalan (Mga Saklaw na Wika at Naa-access)	Ang nakasulat na format para sa mga print at mga outlet ng audio na media para sa lahat ng halalan, maaari ding gumawa ng mga open-caption na video para sa TV at social media.
Dalawang Direktang Pakikipag-ugnayan sa Lahat ng Mga Botante sa Bawat Halalan	Matugunan ang kinakailangan ayon sa batas. Suriin ang pagiging epektibo sa gastos ng pagbabawas ng direktang pakikipag-ugnayan sa mga botante mula dalawa hanggang isa ayon sa pinapayagan sa ilalim ng probisyon.
Paano Mag-isang Humiling, Tumanggap at Makapagmarka ng Balota ang Botanteng may Kapansanan	Maaaring humiling ang botante ng naa-access na balota sa pamamagitan ng website, sa pamamagitan ng email, sa telepono, sa nakasulat na form sa pamamagitan ng koreo o personal na paghahatid ng awtorisadong tao, o nang personal sa opisina o Sentro ng Pagboto.
Paano Matutugunan ang Mga Mahahalagang Pagkakaiba sa Pag-access at Paglahok	Regular na kumunsulta sa mga komite ng pagpapayo ng komunidad upang humingi ng ambag sa kung paano pagbutihin ang accessibility at partisipasyon mula sa iba't ibang mga komunidad, at kasamahan sa pagsasagawa ng mga mobile na "pop-up" na lugar ng pagboto.
Paano Magiging Ligtas ang Pagboto sa Sentro ng Pagboto	Magpatupad ng mga pagkontrol sa pisikal, pamamaraan, at cybersecurity habang isinasama ang malawak na pagsasanay para sa mga empleyado. May mga plano na tutugon kung may mangyayaring insidente.
Mga Proseso upang Mahadlangan ang Pagkagambala sa Sentro ng Pagboto	Pakikipagtulungan sa mga pederal, estado, at lokal na ahensya ng pagpapatupad ng batas; opisyal ng Sheriff ng Kondado ng Orange sa Command Center ng tanggapan ng Registrar of Voters, mga field supervisor, at mga rapid deployment team upang mabilis na tumugon sa anumang isyu.
Paghahambing ng Gastos sa Halalan	I-post ang mga ulat ng paghahambing ng gastos para sa lahat ng halalan na isinagawa mula pa noong 2018.

Pinag-uutos na Elemento	Mga Obligasyon sa 2026-2029 EAP
Bilang ng Mga Sentro ng Botohan at Kahon ng Balota	<p>Matugunan o lumampas sa mga kinakailangan ayon sa batas para sa mga regular na halalan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang E-10 hanggang E-4 ay hindi bababa sa isang Sentro ng Pagboto sa bawat 50,000 rehistradong botante sa E-88 • Ang E-3 hanggang E-0 ay hindi bababa sa isang Sentro ng Pagboto sa bawat 10,000 rehistradong botante sa E-88 <p>Matugunan o lumampas sa mga kinakailangan ayon sa batas para sa mga espesyal na halalan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang E-10 hanggang E-1 ay hindi bababa sa isang Sentro ng Pagboto sa bawat 60,000 rehistradong botante sa E-88 • Ang E-0 ay hindi bababa sa isang Sentro ng Pagboto sa bawat 30,000 rehistradong botante sa E-88
Bilang ng mga Lokasyon ng Pagpapasahan ng Balota	Matugunan ang kinakailangan ayon sa batas ng hindi bababa sa isang lokasyon ng pagpapasahan ng balota sa bawat 15,000 na botante sa E-88.
Lokasyon ng Bawat Sentro ng Botohan	Ibinigay na mga lokasyong ginamit sa 2024 Pangkalahatang Halalan ng Pagka-presidente
Lokasyon ng Bawat Pagpapasahan ng Balota	Ibinigay na mga lokasyong ginamit sa 2024 Pangkalahatang Halalan ng Pagka-presidente
Mga Pamantayan sa Lokasyon ng Pagboto	Bilang karagdagan sa ipinag-uutos na pamantayan, isaalang-alang ang lungsod, lokasyon, sukat ng silid, paradahan, at pagiging naa-access gamit ang Sentro ng Botohan at heat map ng Kahon ng Balota.
Mapa ng Bawat Sentro ng Botohan at Lokasyon ng Pagbaba ng Kahon ng Balota	Nagbigay ng link sa heat map na may mga karagdagang antas para sa bawat kinakailangang pamantayan.
Mga Oras ng Operasyon ng Sentro ng Pagboto	<ul style="list-style-type: none"> • E-10 hanggang E-1: 10 a.m. hanggang 6 p.m. • Araw ng Halalan: 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Pinag-uutos na Elemento	Mga Obligasyon sa 2026-2029 EAP
Mga Oras ng Operasyon ng Mga Lokasyon sa Pagbaba ng Kahon ng Balota	24 oras / 7 araw bawat linggo mula E-28 hanggang Araw ng Halalan para sa lahat ng permanenteng nakalagay na mga kahon ng balota (ang mga tauhan ng kahon ng balota ay bukas ng regular na oras ng negosyo).
Bilang ng Mga Miyembro ng Lupon ng Halalan	Average ng 7 Customer Service Representative, na kinabibilangan ng 1 CSR Lead sa bawat Sentro ng Botohan. Ito ay maaaring mag-iba ayon sa Sentro ng Botohan, uri ng halalan, kasaysayang pagdalo, at mga indibidwal na pangangailangan ng mga Sentro ng Botohan.
Mga Miyembro ng Lupon ng Bilinguwal at mga Wikang Sinasalita	<p>Magsikap na mag-recruit at magtalaga ng mga bilinguwal na CSR para sa bawat Sentro ng Pagboto na matatagpuan sa presinto o katabi ng presinto na tumutugon sa pederal na Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto at Code ng Halalan ng California seksyon 14201 na saklaw ng mga kinakailangan sa wika.</p> <p>Magbigay ng mga isinaling nakasulat na materyales, tulong sa pagtawag sa telepono, at tulong sa video conferencing.</p>

Pinag-uutos na Elemento	Mga Obligasyon sa 2026-2029 EAP
Mga Serbisyong Ibibigay sa Mga botanteng may kapansanan	<p>Suportahan ang mga botanteng may kapansanan sa pamamagitan ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Tiyakin na ang lahat ng mga Sentro ng Pagboto ay nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging naa-access. • Paggamit ng sistema ng pagboto na may kasalukuyang teknolohiya na suportado ng pagiging na-access • Pagpapalawig ng kakayahang bumoto nang nakapag-iisa mula sa bahay o tabi ng kalsada sa Sentro ng Pagboto mula sa kanilang sasakyan • Pagbibigay ng virtual na interpretasyon ng ASL sa bawat Sentro ng Botohan
Magdisenyo, Mag-layout, at Paglalagay ng Kagamitan sa Loob ng Bawat Sentro ng Botohan	Magbigay ng sample ng sinukat na layout na ipinadala sa Mga Sentro ng Pagboto na isinasaalang-alang ang iba't ibang mga hugis, laki ng silid, at mga opsyon sa paglalagay ng kagamitan upang bigyang-daan ang mga botante na markahan ang mga balota nang nakapag-iisa at pribado na may ibinigay na sample.
Libreng tawag sa Hotline ng Tulong sa Botante na gagana mula E-29 hanggang 5 p.m. sa E+1	Magbigay at magpatalastas ng libreng tawag sa hotline ng tulong sa botante na naa-access at maaaring maglingkod sa mga botante sa lahat ng pederal at estado na saklaw na mga wika para sa higit pang mga araw kaysa sa kinakailangan.

Plano sa Edukasyon at Outreach ng Botante

CODE NG HALALAN §4005(a)(10)(I)(i)

Paala: Ang mga seksyong binanggit sa dokumentong ito ay tumutukoy sa Code ng Halalan ng California, maliban kung tinukoy.

Ang Voter's Choice Act (VCA) ay naglalaman ng malawak na mga kinakailangan para sa edukasyon ng at outreach ng botante, kabilang ang paggamit ng media, direktang pakikipag-ugnayan sa mga botante, at pagkakaroon ng presensya sa komunidad upang turuan ang mga botante tungkol sa mga probisyon ng VCA. Inaatasan din nito ang tanggapan ng Orange County Registrar of Voters (OCROV) na maghanda ng detalyadong [Voter Education and Outreach Plan \(VEOP\)](#) na dapat aprubahan ng tanggapan ng Kalihim ng Estado ng California.

Ang [VEOP](#) ng OCROV ay ibinibigay bilang hiwalay na dokumento, at ang mga plano ay ibinubuod din upang matugunan ang mga kinakailangan ng VCA sa seksyong ito ng Election Administration Plan (EAP). Maaaring ma-update ang [VEOP](#) habang patuloy na tumatangap ang OCROV ng ambag mula sa komunidad; gayunpaman, ang mga tungkulin sa mga kinakailangang elemento ng plano ay nakabalangkas sa ibaba.

Paggamit ng Media:

Paggamit ng media na naglilingkod sa mga komunidad na may di karaniwang wika, na nagpapaalam sa kanila ng paparating na halalan, at ang paggamit ng libreng tawag sa hotline

[§4005\(a\)\(10\)\(I\)\(i\)\(I\)](#)

Kabilang sa plano ng OCROV ang paggamit ng mga language media outlet, social media, at iba pang paraan ng komunikasyon upang ipaalam sa publiko ang mga kaganapan, magbigay ng impormasyon sa halalan, at patuloy na bumuo ng tiwala sa komunidad. Marami sa mga kaganapang ito ay kinabibilangan ng mga naglilingkod sa mga komunidad na may di karaniwang wika, at ang komunikasyon ay karaniwang isinasalin. Kabilang sa plano ang mga paraan upang sukatin ang tagumpay ng aming mga kampanya at subaybayan ang pakikipag-ugnayan ng aming mga user.

Nasaklaw ito sa Hangarin 1 at 5 ng [VEOP](#).

Paggamit ng media, ipaalam sa mga botante ang pagiging available at proseso para sa paghiling ng na-access na balota sa pagboto sa pamamagitan ng Koreo.

[§4005\(a\)\(10\)\(I\)\(i\)\(II\)](#), [§3016.7](#), [§303.3](#)

Kabilang sa plano ng OCROV ang paggamit ng mga media outlet, social media, at iba pang paraan ng komunikasyon, kabilang ang Gabay sa Impormasyon ng Botante, upang ipaalam sa mga botante ang pagiging available ng balota ng RAVBM. Bukod pa rito, ang website ng OCROV ay may kasamang impormasyon kung paano humiling, kumpletuhin, at ibalik ang balota ng RAVBM.

Nasaklaw ito sa Hangarin 5 ng [VEOP](#).

Pakikilahok sa Komunidad

Presensya sa komunidad upang turuan ang mga botante tungkol sa probisyon ng VCA

[§4005\(a\)\(10\)\(I\)\(i\)\(III\)](#)

Ang plano ng OCROV na magkaroon ng presensya sa komunidad upang turuan ang mga botante ay kinabibilangan ng pagdalo sa mga kaganapan sa komunidad, pagpuntirya sa mga partikular na grupo para sa outreach, at pakikipagtulungan sa mga grupo ng komunidad upang tumulong na matukoy ang mga pagkakataon sa outreach. Nagbibigay din ang plano ng mga partikular na sukatan upang sukatin ang tagumpay ng plano.

Detalyado itong nasaklaw sa Hangarin 1 ng [VEOP](#).

Na-access na Impormasyon sa Website

Impormasyon hinggil sa pagiging naa-access sa website ng OCROV

[§4005\(a\)\(2\)\(B\)](#), [§4005\(a\)\(4\)\(D\)](#), [§4005\(a\)\(8\)\(B\)\(ii\)](#)

Ang OCROV ay nagbibigay ng impormasyon hinggil sa pagiging naa-access, kabilang ang Sentro ng Pagboto at pagiging naa-access ng kahon ng balota, pagboto sa RAVBM, pagboto sa tabi ng kalsada, at available na tulong sa ocvote.gov/accessibility. Karagdagan pa, ang listahan ng mga Sentro ng Pagboto at drop box ng balota ay naka-post sa aming website sa naa-access na format.

Pana-panahong sinusuri ng OCROV ang aming website upang matukoy at matugunan ang mga alalahanin sa pagiging naa-access, na nagpapatupad ng mga update kung kinakailangan. Tinatanggap din ng OCROV ang ambag mula sa aming Voting Accessibility Advisory Committee (VAAC) at isinasama ang kanilang mga rekomendasyon hangga't posible.

Ang impormasyon para sa paghiling o paggamit ng naa-access na balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay kasama rin sa Gabay sa Impormasyon ng Botante na ipinapadala sa lahat ng mga botante.

Detalyado itong nasaklaw sa Hangarin 5 ng [VEOP](#).

Pagkakailanlan ng Mga Botanteng May Di Pangkaraniwang Wika

Paraang Ginamit upang Matukoy ang Mga Botanteng May Di Pangkaraniwang Wika

[§4005\(a\)\(9\)\(A\)](#), [§12303\(b\)](#)

Ang OCROV ay nagpupuntirya ng outreach sa mga botanteng may di karaniwang wika sa pamamagitan ng pagbuo ng mga partikular na plano para sa mga wikang kinakailangan sa ilalim ng subdivision (a) ng Seksyon 14201 ng Code ng Halalan ng California at Seksyon 203 ng pederal na Batas ng Mga Karapatan sa Pagboto ng 1965 (52 U.S.C. Sec. 10101 et seq.)¹.

Ginagamit ng OCROV ang Election Management System (EMS) nito upang suriin ang mga kagustuhan sa wika ng botante, kabilang ang mga kahilingan para sa mga isinaling materyal sa halalan, upang magplano ng puntiryang outreach at edukasyon. Bukod pa rito, regular ding kumukunsulta ang OCROV sa Language Accessibility Advisory Committee (LAAC), na nagbibigay ng ambag kung paano puntiryahin ang mga botanteng may di karaniwang wika.

Detalyado itong nasaklaw sa Hangarin 1 ng [VEOP](#).

Edukasyon at Pampublikong Komunikasyon ng mga Probisyon

Komunikasyon sa publiko, kabilang ang:

Mga komunidad na may di karaniwang wika gaya ng tinukoy sa ilalim ng Seksyon 14201 at ang pederal na Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto

[§4005\(a\)\(10\)\(I\)\(i\)\(VI\)\(ia\)](#)

Bilang paghahanda para sa pag-update ng planong ito, nagsagawa ang OCROV ng mga indibidwal na workshop para sa bawat wika na kinakailangan ng Seksyon 14201 ng Code sa Halalan ng California at Seksyon 203 ng pederal na Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto ng 1965 (52 U.S.C. Sec. 10101 et seq.)¹. Ang listahan ng mga workshop na ginanap sa panahon ng pagbuo ng EAP na ito ay makikita sa Apendise A.

¹ Ang mga wikang kinakailangan ng seksyon 14201 ng Code ng Halalan ng California ay Farsi (Persian), Gujarati, Hindi, Japanese, at Tagalog. Ang mga wikang iniaatas ng Seksyon 203 ng pederal na Batas ng Mga Karapatan sa Pagboto ng 1965 ay Chinese, Korean, Spanish, at Vietnamese. Ito ang mga kinakailangan sa wika sa pagpapatibay ng planong ito, at kung magbabago ang mga kinakailangan, magbabago nang naaayon ang aming mga plano sa outreach.

Bukod pa rito, ang OCROV ay regular na nag-iskedyul ng mga pagpupulong kasama ang LAAC, kung saan higit pang impormasyon ang makikita sa aming website sa ocvote.gov/cew. Hinihiling din ng OCROV sa mga grupo ng komunidad, bilang mga pinagkakatiwalaang mensahero, na magbahagi ng impormasyon sa kanilang mga nasasakupan.

Detalyado itong nasaklaw sa Hangarin 3 ng [VEOP](#).

Ang komunidad ng may kapansanan

[§4005\(a\)\(10\)\(I\)\(i\)\(VI\)\(ib\)](#)

Bilang paghahanda para sa pag-update ng planong ito, nagsagawa ang OCROV ng indibidwal, ganap na naa-access, online na workshop, na may kasamang interpretasyon ng ASL. Bukod pa rito, ang bawat workshop na isinagawa ay may kasamang bahagi sa pagiging naa-access sa pagboto. Ang listahan ng mga workshop na ginanap sa panahon ng pagbuo ng EAP na ito ay makikita sa Apendise A.

Ang OCROV ay regular na nag-iskedyul ng mga pagpupulong kasama ang VAAC, kung saan higit pang impormasyon ang makikita sa aming website sa ocvote.gov/cew. Hinihiling din ng OCROV sa mga grupo ng komunidad, bilang mga pinagkakatiwalaang mensahero, na magbahagi ng impormasyon sa kanilang mga nasasakupan.

Detalyado itong nasaklaw sa Hangarin 3 ng [VEOP](#).

Paglalaan ng Mapagkukunan

Isang detalyadong badyet kung paano gagastusin ng kondado ang mga kinakailangang mapagkukunan sa edukasyon ng botante at outreach

[§4005\(a\)\(10\)\(I\)\(i\)\(VII\)](#)

Ang OCROV ay patuloy na mamumuhunan ng mga pondo sa mga mapagkukunan ng tauhan, mga materyales sa outreach, mga anunsyo sa serbisyo publiko, website nito, at mga social media account upang turuan ang mga botante tungkol sa kung paano magparehistro para bumoto at kung paano gamitin ang kanilang karapatang bumoto sa modelo ng halalan ng VCA. Bukod pa rito, mamumuhunan ang OCROV sa iba pang mga diskarte sa outreach, kabilang ang paggamit ng mga pinagkakatiwalaang kasamahan sa komunidad, na detalyadong nasaklaw sa [VEOP](#).

Ang [VEOP](#) ay naglalaman ng detalyadong chart na nagpapakita kung ano ang ginastos ng OCROV sa edukasyon ng botante at outreach sa panahon ng mga halalan sa buong estado na isinagawa alinsunod sa VCA.

Anunsiyo ng Serbisyo Publiko (PSA)

Hindi bababa sa isang PSA ang naglilingkod sa mga botante sa lahat ng wika

[§4005\(a\)\(10\)\(I\)\(i\)\(VIII\)](#), [§4005\(a\)\(10\)\(I\)\(i\)\(IX\)](#)

Tutuparin ng OCROV ang mga kinakailangang ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga PSA bago ang bawat halalan sa Ingles, at para sa bawat wikang kinakailangan ng Seksyon 14201 ng Code sa Halalan ng California at Seksyon 203 ng pederal na Batas ng Mga Karapatan sa Pagboto ng 1965 (52 U.S.C. Sec. 10101 et seq.)¹. Ang mga PSA ay ibibigay sa nakasulat na format para sa mga outlet ng naka-print at audio na media. Ang OCROV ay maaari ding gumawa minsan ng open-captioned, video-format na PSA para gamitin sa mga outlet ng telebisyon at social media.

Ang mga PSA ay maglalaman ng impormasyon tungkol sa halalan, ang iba't ibang paraan ng pagboto ng mga botante, at ang libreng tawag na numero ng hotline ng tulong sa botante ng OCROV.

Detalyado itong nasaklaw sa Hangarin 5 ng [VEOP](#).

Direktang Pakikipag-ugnayan sa Mga Botante

Hindi bababa sa dalawang direktang pakikipag-ugnayan sa mga botante

[§4005\(a\)\(10\)\(I\)\(i\)\(X\)](#)

Natupad ng OCROV ang pangangailangan ng hindi bababa sa dalawang direktang pakikipag-ugnayan sa mga botante sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga postcard sa mga botante nang walang email bilang bahagi ng kanilang pagpaparehistro ng botante, at sa pamamagitan ng pag-email sa mga natitirang botante. Mangyaring tingnan ang Apendise B para sa sample ng mga postcard na ipinadala ng OCROV.

Sa ilalim ng probisyong ito, maaaring bawasan ng mga opisyal ng halalan ang bilang ng mga direktang pakikipag-ugnayan sa isa pagkatapos magsagawa ng anim na pang-estadong halalan sa ilalim ng VCA, ngunit para lamang sa mga botante na nakarehistro para sa anim na halalan sa Kondado ng Orange. Dahil nagsagawa ang OCROV ng higit sa anim na halalan sa buong estado sa ilalim ng VCA, may opsyon ang OCROV na magpadala ng isang direktang pakikipag-ugbayan sa mga botanteng ito. Susuriin ng OCROV ang pagiging epektibo sa gastos ng pagbabawas ng mga pakikipag-ugnayan sa isa para sa mga botanteng ito. Kung magpapasya ang OCROV na makipag-ugnayan para sa mga partikular na botante na ito para sa anumang partikular na halalan, ilalaan

ng OCROV ang kalahati ng mga natipid na pondo tungo sa mga pagsisikap sa outreach na pagpuntirya sa mga botante na hindi gaanong kinatawan sa kasaysayan.

Kung ang direktang pakikipag-ugnayan ay sa pamamagitan ng koreo, pinahihintulutan ng probisyong ito ang OCROV na magpadala ng isang piraso ng koreo sa bawat address ng koreo, apelyido, at wika. Susunod ang OCROV sa pinakamababang kinakailangan na ito, ngunit maaaring piliing magpadala ng indibidwal na piraso ng koreo sa bawat botante para sa partikular na halalan.

Detalyado itong nasaklaw sa Hangarin 5 ng [VEOP](#).

Pagiging Naa-access ng Pagboto Sa Pamamagitan ng Koreo

CODE NG HALALAN §4005(a)(10)(I)(ii)

Inaatasan ang VCA sa pagiging naa-access ng Pagboto Sa Pamamagitan ng Koreo, kabilang ang kakayahang markahan ang balota ng Pagboto Sa Pamamagitan ng Koreo nang pribado at nakapag-iisa.

Proseso para sa mga botanteng may mga kapansanan upang humiling at makatanggap ng blangko o kapalit na naa-access na balota ng Pagboto Sa Pamamagitan ng Koreo

§3016.7, §14282(d)

Ang pagboto sa tabi ng kalsada ay available sa mga botanteng may mga kapansanan sa lahat ng Sentro ng Pagboto, na nagbibigay-daan sa kanila na makatanggap ng kapalit na balota ng Pagboto Sa Pamamagitan ng Koreo o gumamit ng device sa paggawa ng balota. Ang mga serbisyong available sa tabi ng kalsada ay available rin sa loob ng Sentro ng Pagboto. Ang pagboto sa tabi ng kalsada ay nagpapahintulot sa mga botante na:

- Tumanggap ng kapalit na balota ng Pagboto Sa Pamamagitan ng Koreo na iuuwi.
- Tumanggap ng kapalit na balota upang punan mula sa kanilang sasakyan at ibalik ito kaagad.
- Gumamit ng naa-access na device sa pagmamarka ng balota mula sa kanilang sasakyan, kung kinakailangan.

Lahat ng botante ay may opsyon na bumoto mula sa bahay gamit ang RAVBM na balota. Ang online na tool na ito ay nagpapahintulot sa mga botante na:

- Tingnan ang kanilang balota sa naa-access na format.
- Markahan nang ligtas ang kanilang balota online.
- I-print ang nakumpletong balota upang ibalik sa pamamagitan ng koreo.

Ang RAVBM ay dapat ibalik sa sobre ng balota at nilagdaan, at ito ay pinoproseso ng sentralisado sa parehong paraan tulad ng iba pang mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.

Ang botante ay maaari ding magpakuha sa kinatawan ng kapalit na balota para sa kanila kung ang botante ay kumukumpleto ng form na nagpapahintulot sa kinatawan na gawin ito.

Ang detalyadong impormasyon sa pagiging naa-access, kabilang ang personal na pagboto at pagboto mula sa bahay gamit ang RAVBM, ay matatagpuan sa ocvote.gov/accessibility.

Pagtugon sa mga Pagkakaiba

CODE NG HALALAN §4005(a)(10)(I)(iii)

Inaatasan ng VCA ang Kalihim ng Estado na magsumite ng ulat sa Lehislatura sa loob ng anim na buwan ng bawat halalan na naglalarawan sa paglahok ng botante ayon sa mga kategorya ng mga botante.

Plano para sa pagtugon sa pagiging naa-access ng botante at mga pagkakaiba sa partisipasyon na tinukoy sa mga kinakailangang ulat

§4005(g)(1)(A)

Regular na kumukunsulta ang OCROV sa iba't ibang komite ng pagpapayo sa komunidad, kung saan kami humingi ng ambag kung paano pahasayin ang pagiging naa-access at partisipasyon mula sa iba't ibang komunidad sa Kondado ng Orange. Ang OCROV ay may mga sumusunod na komite sa pagpapayo ng komunidad:

- Grupo ng Community Election Working (CEW) – Ang komiteng ito ay nagpupulong dalawa hanggang apat na beses sa isang taon at kinabibilangan ng 20 hanggang 30 kinatawan mula sa iba't ibang grupo sa mga komunidad. Bilang karagdagan sa pagpapayo sa OCROV sa mga paksa ng pangangasiwa ng pangkalahatang halalan, ang CEW ay naglilingkod sa tungkulin ng kinakailangang Edukasyon ng Botante at Komite ng Pagpapayo sa Outreach.
- Voting Accessibility Advisory Committee (VAAC) – Ang komite na ito ay nagpupulong dalawa hanggang apat na beses sa isang taon at nagpapayo sa OCROV sa mga isyu sa pagiging naa-access at kung paano mas mahusay na isaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga botante na may kapansanan.
- Language Accessibility Advisory Committee (LAAC) – Ang komite na ito ay nagpupulong dalawa hanggang apat na beses sa isang taon at nagpapayo sa OCROV sa mga isyu sa pag-access ng wika.

Ang mga grupo, na binubuo ng CEW, VAAC, at LAAC, ay kumakatawan sa mga kategorya kung saan inihahanda ng Kalihim ng Estado ang mga ulat nito pagkatapos ng halalan para sa lehislatura. Ang buong listahan ng mga grupo, kabilang ang pagiging miyembro ng grupo, ay nakalista sa ocvote.gov/cew.

Nakikipagtulungan rin ang OCROV sa mga grupo ng komunidad, tulad ng mga nakatatandang komunidad at tagapagtaguyod ng may kapansanan, upang magtatag ng mga "pop-up" na lugar ng pagboto. Ang mga mobile na "pop-up" na lugar ng pagboto ay direktang nagdadala ng pagboto sa komunidad, na nagbibigay ng mas madaling access sa pagboto. Ito ay maaaring magbago at umunlad sa hinaharap habang sinusukat ng OCROV ang tagumpay ng programa at tumatanggap ng patuloy na ambag mula sa mga komite ng pagpapayo.

Bukod pa rito, tinugunan ng VEOP ang pag-abot sa lahat ng miyembro ng komunidad, kabilang ang mga miyembro ng komunidad na hindi gaanong pinaglingkuran sa kasaysayan.

Detalyado itong nasaklaw sa [VEOP](#).

Seguridad sa Sentro ng Boto

CODE NG HALALAN §4005(a)(10)(I)(iv)

Gumagamit ang OCROV ng ilang paraan upang matiyak na ligtas at protektado ang pagboto sa Mga Sentro ng Pagboto.

Mga pamamaraan at pamantayan upang matiyak ang seguridad

Seguridad sa sentro ng pagboto

Sertipikasyon ng Kalihim ng Estado

§19200, §19207

Ang anumang sistema ng pagboto na ginagamit sa California ay dapat sumailalim sa mahigpit na proseso ng sertipikasyon sa tanggapan ng Kalihim ng Estado ng California. Kabilang sa prosesong ito, bukod sa iba pang mga sukatan, ang pagsusuri sa code ng pinagmulan at penetration testing na isinasagawa ng sistema ng pagboto sa test lab. Kapag na-certify na ang system, ilalagay ang system at software sa escrow facility. Ang mga kondado ay tumatanggap ng software para sa sistema ng pagboto nang direkta mula sa tanggapan ng Kalihim ng Estado. Bukod pa rito, ang software para sa anumang bahagi ng system na nag-scan o nag-tabulate ng mga balota ay nire-reload bago ang bawat halalan. Para sa mga central scan at sistema ng tabulasyon ng balota, kabilang dito ang muling pag-reimage ng mga computer, na kinabibilangan ng pagbura ng lahat ng laman nito at muling pag-install ng software mula sa pinagkakatiwalaang build (opisyal na bersyon ng software) ng Estado.

Matatagpuan ang higit pang impormasyon sa proseso ng sertipikasyon ng system ng pagboto sa website ng Kalihim ng Estado sa

<https://www.sos.ca.gov/elections/ovsta>.

Seguridad sa Pamamaraan

§15000

Ang mga pamamaraan kung paano ginagamit at ipinakalat ang sistema ng pagboto ay nagbibigay ng karagdagang antas ng seguridad sa pagboto sa Sentro ng Pagboto. Ang ilang mga halimbawa ng maraming sukatan ng pamamaraan sa seguridad ay kinabibilangan ng:

- Air Gap – Ang mga bahagi ng sistema ng pagboto na kinabibilangan ng paggawa ng balota, pag-print ng kinakailangang mga balota, pag-scan ng

balota, at tabulasyon ay pisikal na nakahiwalay sa internet o anumang panlabas na network. Ang kinakailangan para sa sistema ng pagboto ay may air gap na bahagi ng mga kinakailangan sa sertipikasyon, na matatagpuan sa website ng Kalihim ng Estado sa <https://www.sos.ca.gov/elections/ovsta>.

- Pagsubok – Lohika at katumpakan na pagsusulit na ginagawa sa bawat kagamitan na ginagamit para sa pag-scan at pagbilang ng mga balota bago ang bawat halalan. Kabilang sa pagsusulit na ito ang pagmamarka ng mga balotang panubok para sa bawat paligsahan sa halalan, pag-scan sa mga balotang panubok, at pagtiyak na ang mga balotang panubok ay bibilangin at itatala gaya ng inaasahan.
- Chain of Custody – Pagkatapos masuri ang kagamitan at bago ito ipadala sa Sentro ng Pagboto, nilalagyan ito ng mga may serial na selyong panseguridad na may bakas kapag sinira upang makita kung ito ay nabuksan o ginamit. Kasama ng mga dokumento ng chain of custody ang kagamitan, at ang mga selyo ng panseguridad ay pinapatunayan ng mga manggagawa sa halalan araw-araw sa panahon ng pagboto. Makikita ang mga partikular na pamamaraan ng paggamit sa website ng Kalihim ng Estado sa <https://www.sos.ca.gov/elections/ovsta/voting-technology-vendors/hart-intercivic>.

Pisikal na seguridad

Nakikipagtulungan ang OCROV sa lokal na tagapagpatupad ng batas, kabilang ang OC Sheriff's Department at ang OC District Attorney, upang matiyak ang mabilis na pagtugon sa anumang pisikal na isyu sa seguridad sa Sentro ng Pagboto. Ang OCROV ay mayroon ding mga superbisor sa lugar na maaaring mabilis na tumugon sa insidente sa Sentro ng Pagboto, at mga mabilis na pangkat na tumutugon sa mga sasakyan na madiskarteng inilagay sa buong kondado na may mga suplay at kagamitan sa pagboto.

Elektronikong talaan ng mga botante

Sertipikasyon ng Kalihim ng Estado

§2550(b)

Ang mga elektronikong talaan ng mga botante ay dapat na masuri at sertipikado ng tanggapan ng Kalihim ng Estado bago gamitin sa Sentro ng Pagboto. Tinitiyak ng proseso ng sertipikasyon na ang kagamitan ay gumagana nang tama at ang wastong mga kontrol sa seguridad ay nasa lugar.

Ang mga halimbawa ng mga kinakailangan ay kinabibilangan ng:

- Lahat ng data ng pagpaparehistro ng botante ay dapat naka-encrypt habang nakatago at habang ipinapadala.
- Hindi dapat isama ang mga sensitibong tagatukoy gaya ng numero ng lisensiya sa pagmamaneho ng California o ang buo o bahagi ng Social Security Number.
- Ang elektronikong talaan ng mga botante ay hindi dapat ikonekta sa sistema ng pagboto anumang oras.

Seguridad sa Pamamaraan

Gumagamit din ang OCROV ng karagdagang seguridad sa pamamaraan na hindi kinakailangan ng regulasyon o batas. Ang isang halimbawa ay ang paggamit ng mga dokumento ng chain of custody at mga selyong panseguridad kapag naghahatid ng mga elektronikong talaan ng mga botante sa Sentro ng Pagboto. Gumagamit din ang OCROV ng sentral na sistema ng pamamahala na nagbibigay ng kakayahang malayuang "magpunas" o magtanggap ng lahat ng data mula sa device kung kinakailangan.

Mga Gastos sa Halala

CODE NG HALALAN §4005(a)(10)(I)(v)

Inaatasan ng VCA ang mga opisyal ng halalan na magbigay ng mga paghahambing sa gastos sa pagitan ng mga halalan na isinagawa sa ilalim ng modelo ng VCA at ng mga huling halalan na isinagawa sa ilalim ng modelo ng presinto ng lugar ng botohan.

Tinataya na pansamantala at pangmatagalang gastos at matitipid kumpara sa mga nakaraang katulad na halalan

Nag-post ang OCROV ng mga ulat sa paghahambing ng gastos para sa lahat ng halalan na isinagawa sa ilalim ng VCA, at ang pinakabagong halalan bago ang pagpapatibay ng VCA, website ng OCROV sa: <https://ocvote.gov/voting/cost-comparisons-for-all-elections>. Patuloy na ia-update ng OCROV ang page na ito gamit ang mga pagsusuri sa gastos at na-update na impormasyon kapag naging available na ito.

Ang mga patuloy na gastos sa pagpapatakbo ng halalan ay tumaas mula noong pinagtibay ng Kondado ng Orange ang VCA, na kinabibilangan ng paggawa at mga materyales. Gayunpaman, hindi ito ganap na dahil sa modelo ng halalan ng VCA, dahil inaamyenda ng Lehislatura ng California ang mga batas ng halalan bawat taon, na kadalasang nagdaragdag ng mga kinakailangan sa pagpapatakbo. Ang pagpapatibay ng modelo ng halalan ng VCA ang nagbawas sa kapital na pamumuhunan ng OCROV sa mga kagamitan sa halalan noong 2019 kumpara sa mas malaking halaga ng kagamitan na kakailanganin kung nagpatuloy ang modelo ng lugar ng botohan.

Sentro ng Pagboto at Mga Detalye sa Lokasyon ng Pagpapasahan

CODE NG HALALAN §4005(a)(10)(I)(vi)

Ang VCA ay nagbibigay ng mga partikular na kinakailangan para sa bilang ng mga Sentro ng Pagboto at mga lokasyon ng pagpapasahan ng balota, pati na rin ang mga pamantayan na dapat isaalang-alang kapag tinutukoy ang kanilang mga lokasyon. Inaatasan din nito na tugunan ng EAP ang pagpapatakbo ng mga lokasyon ng pagboto, kabilang ang pagiging available, pag-access, seguridad, at pagpapatuloy ng mga operasyon.

Data ng Bilang at Lokasyon

Kabuuang bilang ng Mga Sentro ng Botohan

Mga Regular na Halalan

[§4005\(a\)\(4\)](#), [§4005\(a\)\(3\)](#)

Espesyal na Halalan

[§4005\(b\)\(3\)](#), [§4005\(b\)\(2\)](#)

Matutugunan ng OCROV ang pangangailangan ng Sentro ng Pagboto para sa bawat 50,000 botante para sa bilang ng 11-araw na Sentro ng Pagboto, at ang pangangailangan ng isang Sentro ng Pagboto para sa bawat 10,000 botante para sa bilang ng 4 na araw na Sentro ng Pagboto sa panahon ng regular na halalan. Matutugunan ng OCROV ang kinakailangan ng Sentro ng Pagboto para sa bawat 60,000 botante para sa unang 10 araw ng pagboto, at Sentro ng Pagboto para sa bawat 30,000 botante sa Araw ng Halalan sa panahon ng mga espesyal na halalan².

Maaaring gumamit ang OCROV ng higit pang mga lokasyon ng pagboto kaysa sa kinakailangan upang magbigay ng karagdagang pag-access o saklaw.

Nasa ibaba ang listahan ng bilang ng mga Sentro ng Pagboto na ginamit sa mga nakaraang halalan.

Halalan	Botante*	11-Araw Mga Sentro ng Pagboto	4-Araw Mga Sentro ng Pagboto	Kabuuang Mga Sentro ng Pagboto
2020 Primarya	1631966	38	151	189

² Ang mga kinakailangan ay batay sa kabuuang pagrerehistro ng botante 88 araw bago ang halalan.

Halalan	Botante*	11-Araw Mga Sentro ng Pagboto	4-Araw Mga Sentro ng Pagboto	Kabuuang Mga Sentro ng Pagboto
2020 Pangkalahatan**	1,770,537	**	**	168
2022 Primarya	1,808,773	43	138	181
2022 Pangkalahatan	1,808,588	37	144	181
2024 Primarya	1826738	37	146	183
2024 Pangkalahatan	1,830,950	38	146	184

* Bilang ng mga aktibong rehistradong botante 88 araw bago ang araw ng halalan.

**5-Araw na Sentro ng Pagboto lamang sa bawat utos ng estado.

Ang OCROV ay maaari ding tumanggap ng mga karagdagang lokasyon ng pagboto kung hiniling ng lungsod para sa espesyal na hiwalay na halalan, sa karagdagang gastos sa humihiling na lungsod.

Kung ang batas ng VCA ay inamyendahan ng California upang baguhin ang kinakailangang bilang ng mga Sentro ng Pagboto at/o ang mga kinakailangang araw na pinapatakbo ang mga sentro ng pagboto, ang OCROV ay magsasaayos kung kinakailangan upang sumunod sa mga pinakamababang kinakailangan.

Kabuuang Bilang ng mga Lokasyon ng Pagpapasahan ng Balota

§4005(a)(1)(a)

Tutuparin ng OCROV ang mga kinakailangan ng lokasyon ng pagpapasahan ng balota para sa bawat 15,000 botante na may ligtas, permanenteng nakalagay na mga kahon ng balota na naa-access 24 oras sa isang araw sa panahon ng pagboto. Ang mga tampok na panseguridad ng mga kahon ng balota ay nakalista sa Apendise F. Ang OCROV ay magdaragdag ng mga permanenteng nakalagay na kahon ng balota upang matugunan ang pangangailangan kung tumaas ang pagrerehistro ng botante. Kung, para sa partikular na halalan, hindi matugunan ng OCROV ang kinakailangang bilang ng mga lokasyon ng pagpapasahan ng balota gamit lamang ang mga permanenteng nakalagay na kahon na ito, dadagdagan sila ng OCROV ng mga lokasyon ng pagpapasahan ng balota na may tauhan. Ang mga oras para sa mga lokasyon ng pagpapasahan ng balota na may tauhan ay ibabatay sa mga regular na oras ng negosyo ng mga lokasyon.

Ang OCROV, noong pinagtibay ang planong ito, ay mayroong 123 permanenteng nakalagay na kahon ng balota na matatagpuan sa buong kondado, karamihan sa mga ito ay ginagamit na mula noong 2020. Nasa ibaba ang listahan ng bilang ng mga kahon ng balota na ginamit sa mga nakaraang halalan.

Halalan	Botante*	Kabuuang Mga Kahon ng Balota
2020 Primarya	1631966	110
2020 Pangkalahatan	1,770,537	116
2022 Primarya	1,808,773	120
2022 Pangkalahatan	1,808,588	121
2024 Primarya	1826738	122
2024 Pangkalahatan	1,830,950	123

* Bilang ng mga aktibong rehistradong botante 88 araw bago ang araw ng halalan.

Kung ang batas ng VCA ay inamyendahan ng California upang baguhin ang kinakailangang bilang ng mga lokasyon ng pagpapasa ng balota, ang OCROV ay magsasaayos kung kinakailangan upang sumunod sa mga pinakamababang kinakailangan.

Mga Lokasyon at Mapa ng bawat Sentro ng Botohan

[§4005\(a\)\(10\)\(B\)](#)

Isinasaalang-alang ng OCROV ang ilang salik kapag tinutukoy ang mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto na kinabibilangan ng itinatag, kinakailangang pamantayan sa pagpili na nakalista sa Code ng Halalan §4005(a)(10)(B). Gayundin, kapag pumipili ng mga lokasyon, ang karagdagang pagsasaalang-alang ay ibinibigay sa pagiging angkop ng lokasyon upang maglaan ng lugar sa pagboto, kabilang ang pagiging available ng paradahan, sukat ng silid, at pagiging naa-access. Ang mga detalye ng mga kinakailangan sa pagiging angkop ay nasa Apendise C.

Nagbigay din ang OCROV ng listahan ng mga lokasyon at mapa ng mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto na ginamit sa 2024 Pangkalahatang Halalan ng Pagka-presidente bilang halimbawa sa Apendise D. Bagama't sinusubukan ng OCROV na panatilihin ang pare-parehong paggamit ng mga napiling Sentro ng

Pagboto sa pagitan ng mga halalan, ang OCROV ay dapat gumawa ng mga pagbabago batay sa pagiging available, mga pagbabago sa pagpaparehistro ng botante, at iba pang mga salik.

[May available na interaktibong mapa ang OCROV sa website nito](#), na nagpapakita ng mga makasaysayang Sentro ng Pagboto, kasalukuyang mga kahon ng balota, at “heat map” na nagpapakita kung paano natutugunan ng mga lugar sa buong kondado ang kinakailangang pamantayan at pagiging angkop para sa mga Sentro ng Pagboto at kahon ng balota.

Lokasyon at mga mapa ng bawat lugar ng pagpapasahan ng balota at ang pagkakalagay nito (sa loob o labas)

[§4005\(a\)\(10\)\(B\), §4005\(a\)\(1\)\(B\)](#)

Ang OCROV ay nagbigay ng kasalukuyang listahan ng mga lokasyon at mapa ng mga kahon ng balota sa Apendise E. Ang parehong mga salik na ginamit para sa mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto ay isinasaalang-alang kapag inilalagay ang mga kahon ng balota, kabilang ang kalapitan sa pampublikong transportasyon at mga sentro ng populasyon (§4005(a)(10)(B)).

[May available na interaktibong mapa ang OCROV sa website nito](#), na nagpapakita ng mga makasaysayang Sentro ng Pagboto, kasalukuyang mga kahon ng balota, at “heat map” na nagpapakita kung paano natutugunan ng mga lugar sa buong kondado ang kinakailangang pamantayan at pagiging angkop para sa mga Sentro ng Pagboto at kahon ng balota.

Ang mga partikular na detalye tungkol sa mga kahon, kabilang ang pagiging na-access at mga hakbang sa seguridad, ay ibinibigay sa Apendise F.

Mga Oras ng Operasyon

Mga Oras ng Sentro ng Pagboto

[§4005\(a\)\(3\)\(A\), §4005\(a\)\(4\)\(A\)](#)

Ang mga Sentro ng Pagboto ay kinakailangang bukas ng hindi bababa sa walong oras sa isang araw bawat araw bago ang Araw ng Halalan, at mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. sa Araw ng Halalan. Batay sa pagsusuri ng gawi sa pagboto sa mga nakaraang halalan, gaya ng nakadetalye sa Apendise G, at pampublikong ambag na natanggap sa panahon ng pagbuo ng planong ito, gaya ng nakadetalye sa Apendise H, tinukoy ng OCROV ang mga oras ng mga Sentro sa Pagboto na:

- Unang 10 araw ng pagboto 10 a.m. hanggang 6 p.m.
- Araw ng Halalan: 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Higit pa rito, ibinigay ang pagsasaalang-alang sa nakaplanong pagmemensahe ng mga bagong oras at pagtatatag ng pagkakapare-pareho para sa mga botante. Ang mga oras ng Sentro ng Pagboto ay maaaring magbago batay sa hinaharap na paggamit ng Sentro ng Pagboto sa mga panahon ng pagboto. Ang mga oras ng operasyon ng Sentro sa Pagboto ay ilalathala sa Gabay sa Impormasyon ng Botante at ipo-post sa website ng OCROV nang hindi bababa sa 30 araw bago ang anumang halalan.

Mga oras ng operasyon ng mga lokasyon sa Pagpapasa ng kahon ng balota

§4005(a)(1)(B)

Ang 123 na permanenteng nakalagay na kahon ng balota ng Kondado ng Orange na matatagpuan sa buong kondado ay magagamit 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, simula 28 araw bago ang halalan, hanggang ngayon ay lumalampas sa kinakailangan ng pagiging bukas sa mga regular na oras ng negosyo, maliban sa isa, na kinakailangang maging available 12 oras sa isang araw. Lumalampas din ang OCROV sa mga regulasyon ng Estado para sa dalas ng pangongolekta ng balota at chain of custody, na inilarawan sa Apendise F.

Bagama't plano ng OCROV na gumamit ng mga kahon ng balota para matupad ang pinakamababang kinakailangan para sa bawat halalan, kung hindi matugunan ng OCROV ang kinakailangang bilang ng mga lokasyon ng pagpapasahan ng balota na gumagamit ng mga kahon na ito, maaaring gamitin ng OCROV ang mga lokasyon ng pagpapasahan ng balota na may tauhan upang matugunan ang kinakailangan. Ang mga oras ng operasyon para sa mga kahon ng balota at mga lokasyon ng pagpapasahan ng balota na may tauhan (kung kinakailangan) ay ilalathala sa Gabay sa Impormasyon ng Botante at ipo-post sa website ng OCROV nang hindi bababa sa 30 araw bago ang anumang halalan.

Mga Plano sa Seguridad at Contingency

Pag-iwas sa mga pagkagambala sa Mga Sentro ng Pagboto at pagtiyak ng pagpapatuloy ng halalan kung may mga pagkagambala

§4005(a)(10)(I)(vi)(VIII)

Gumagamit ang OCROV ng ilang mga sukatan upang maiwasan ang mga pagkagambala sa Mga Sentro ng Pagboto at upang matiyak ang pagpapatuloy.

Nasa ibaba ang ilang halimbawa ng komprehensibong plano ng OCROV upang maiwasan at tumugon sa mga pagkagambala:

- Ang OCROV ay nagpapanatili ng pagpapatuloy ng negosyo at plano sa pagtugon sa insidente upang maghanda para sa mga pagkagambala sa serbisyo.
- Ang OCROV ay mayroong Sentro ng Pamumuno, na may nakatalagang opisyal mula sa Orange County Sheriff's Department upang mabilis na tumugon sa mga isyung iniulat mula sa lugar at ipakipag-ugnayan ang tugon sa lokal na tagapagpatupad ng batas.
- Bilang karagdagan sa mga manggagawa sa Sentro ng Pagboto, ang OCROV ay may mga superbisor sa lugar na maaaring mabilis na tumugon sa insidente sa Sentro ng Pagboto.
- Ang OCROV ay mayroon mga mabilis na pangkat na tumutugon sa mga sasakyan na madiskarteng inilagay sa buong kondado na may mga suplay at kagamitan sa pagboto.
- Ang OCROV ay may Mobile Voting Unit na handang tumugon kung kinakailangan.

Pagkuha ng Tauhan sa Halalan

Bilang ng mga miyembro ng lupon ng halalan

[§4005\(a\)\(10\)\(I\)\(vi\)\(IX\)](#)

Upang suportahan ang proseso ng personal na pagboto, ang OCROV ay nag-proyekto na kailangan nito ng average na pitong manggagawa sa halalan, o Customer Service Representatives (CSR), bawat Sentro ng Pagboto. Kabilang sa pangkalahatang balangkas ng pagkuha ng tauhan ang apat na CSR para suportahan ang pag-check-in ng botante, isa para kumilos bilang nangunguna, at dalawa para tumulong sa pag-scan ng balota at pamamahala ng linya. Inaatasan din ng mga tauhan na suportahan ang isa't isa sa mga tanghalian at pahinga. Ang komposisyon ng mga lupon ay maaaring mag-iba ayon sa Sentro ng Botohan at halalan, dahil isinasaalang-alang ng OCROV ang uri ng halalan, kasaysayang pagdalo, at mga indibidwal na pangangailangan ng mga Sentro ng Botonan.

Bilang ng mga miyembro ng lupon ng bilinguwal at mga wikang sinasalita

[§4005\(a\)\(6\)\(B\)\(i\)](#)

